




Paunang Salita

Nasa koleksiyong ito ang anim na kuwentong bayan sa wikang Kapampangan at Filipino. Produkto ito ng mga lumahok sa *Kuwentong Supling: Indigenization of Materials and Teaching Guides for the K-12 Curriculum Writeshop* na idinaos noong 20-21 Agosto 2016 sa Angeles, Pampanga. Magkasama itong itinaguyod ng Philippine Cultural Education Program (PCEP) ng National Commission for Culture and the Arts (NCCA).

Labindalawang guro sa antas elementarya at sekondarya ang lumahok sa writeshop. Nagmula sila sa Pampanga at Tarlac Province. Ang iba ay naging iskolar ng Graduate Diploma on Cultural Education (GDCE) ng PCEP. Sa palihan, ipinaliwanag ang konsepto, layunin, at metodo ng proyekto. Tinalakay nang mabuti ang konsepto ng muling pagsasalaysay bilang pangunahing pananaw at pamamaraan ng pagbuo ng mga bagong kagamitang panturo na nakabatay sa mga kuwentong bayan. Hakbang-hakbang at kolektibo ang proseso ng muling pagsasalaysay: nagmungkahi sa mga kalahok ng mga naitala nang kuwentong bayan, sa partikular, ang nasa mga antolohiya ni Damiana Eugenio; muling ipinasalaysay ang mga ito sa wikang Filipino at Kapampangan; masinsinang tinalakay ng buong grupo ang bawat borador; nirebisa ang borador ayon sa mga komentaryo; muling iniharap sa lahat ang pinal na borador ng mga muling pagsasalaysay. Ang mga kalahok na rin ang lumikha ng mga larawan, kahit pa para sa marami, ang bahaging ito ng palihan ang pinakakinatakutan dahil daw sa kawalan nila ng karanasang gumuhit ng larawan. Pagkatapos ng palihan, tila ang lahat



ay nakatuklas sa kanilang kakayahang lumikha ng mga kagamitang panturong higit na makabuluhan sa kanilang mga mag-aaral. Ang produkto ng dalawang araw na palihan ay dumaaan pa sa dalawang yugto ng pagsusuri at editing: una, sa lebel ng mga editor sa wika—Kapampangan at Filipino; at ikalawa, sa lebel ng lupon ng editor.

Nais naming patingkarin na tulad ng mga sinaunang kuwentong bayan, ang mga muling pagsasalaysay na nasa koleksiyong ito ay bunga ng pagtutulungan. Sa ngalan ng PCEP, sa pamununo ni Joseph “Sonny” Cristobal, at ng Kuwentong Supling, Inc., sa pangunguna ni Dr. Rosario Torres-Yu, nagpapasalamat kami sa mga gurong aktibong lumahok sa palihan, sa editor sa wika na si Prop. Jerome N. Manansala, kay Angeli Narvaez na nag-layout at nagdisenyo ng aklat, at kay Alpha Ruiz na naging tagapag-ugnay ng proyekto. Ngayon pa lamang ay nagpapasalamat na rin kami sa mga guro at mag-aaral na tatangkilik ng aklat na ito.

Umaasa kaming kahit sa munting paraan, maging ambag ang aklat na ito hindi lamang sa pagpaparami ng mga kagamitang panturo sa konteksto ng Mother Tongue Based-Multilingual Education, kundi sa pagpapamalay sa mga guro sa kapangyarihan nilang lumikha ng mga materyal para sa kanilang mga mag-aaral at pumanday ng edukasyong tunay na makabuluhan sa mga mag-aaral at sambayanang Filipino.

Galileo S. Zafra
Patnugot